

# “Pagpapalakad sa Tunnel at Konstruksiyon Gamit ang Makinarya, at Paghuhukay at Pagtambak ng Lupa”


Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

## Mga batayan at pagsisiyasat ng makina sa konstruksiyon at atbp.

### (1) Iba't ibang uri ng pangunahing makina sa konstruksiyon

#### 1. Bulldozer

Ang bulldozer ay isang uri ng gumagapang na traktor na may talim at pagwasak (ripper), at ginagamit para pagdurog ng matitigas na lupa at mga bato sa pamamagitan ng pag-ipit, paglebel at pagwasak




#### 2. Tractor shovel (de-gulong na uri)

Ito ay isang uri ng traktor na de-gulong na traktor na may nakakabit na bucket. Ito ay ginagamit para sa pagkarga, pagbiyahe, at pag-alis ng lupa at buhangin sa ibabaw ng lupa.



#### 3. Hydraulic shovel (backhoe)

Ang mga excavator ay pinakamagandang gamitin para sa paghuhukay ng matitigas na lupa sa ilalim ng lupa, at ang uring gumagapang (crawler) at may gulong.




#### 4. Roller

Mga makinang nangsiksik (umiikot at sumisiksik) ng lupa at composite ng aspalto, kasama ang mga road roller, tire rollers, at vibration roller.




## (2) Pangunahing kaalaman sa ligtas na pagmamaneho (Bahagi 1)

1. Kapag papaandarin ang makina, pagkatapos tiyaking ligtas ang kapaligiran, patakbuhan ang makina sa naaangkop na bilis at iangat ang kagamitang pantrabaho sa halos 40cm.




2. Kapag nagpapataas at nagpapababa sa mga bundok gamit ang makina, dumiretso hangga't maaari. May panganib ng pagkakahulog o pagbagsak dahil sa nakatagilid na ibabaw, kaya huwag magpalit ng direksiyon. Mag-ingat lalong-lalo na sa pagliko sa mas mababaw na gilid.




### (3) Pangunahing kaalaman sa ligtas na pagmamaneho (Bahagi 2)

3. Kapag nagtataas ng kagamitan sa trabaho tulad ng bucket at blade, ang sentro ng gravity ng makina ay nagiging mas mataas kaya nagiging sanhi ng madaling pagbaliktad ng makina.




4. Kapag nagmamaneho, iwasan ang biglaang pagpalit ng direksiyon, at bumalik gamit ang pabalik na pagmane-obra.





## (4) Mga pangunahing bagay para sa pag-inspeksiyon

1. Ang pag-inspeksiyon at pagpapanatili ay kailangan para mapatakbo ang mga makinarya sa konstruksiyon nang ligtas at epektibo.




2. Gumamit ng preno at safety lock sa pag-inspeksiyon. Habang sinusuri ang slope, gumamit ng prenong pamparada at aparatong pang-lock o mga pampahinto ng mga gulong. Kapag nag-iinspeksiyon nang nakataas ng bucket, suportahan ito ng safety post.



## (5) Pag-inspeksiyon bago ang trabaho

1. Para malaman ang mga kondisyon ng mga makinang nagamit sa araw na iyon, mag-inspeksiyon bago ang trabaho bago simulan ang operasyon, at magtrabaho ng walang anumang deperensiya.




2. Sa pag-inspeksiyon bago ang trabaho, ang mga sumusunod ay kailangang mainspeksiyon.

**(Suriin ang mga sumusunod na bagay)**

- Pagtulo ng tubig at langis
- Suriin at lagyan uli ang tubig na nagpapalamig (Larawan sa kanan)
- Tignan at punan ang lebel ng langis sa bawat bahagi
- Tignan at punan ang mga langis tulad ng langis ng makina
- Suriin at punan ang langis ng preno
- Labasan ng tubig ng tangke ng gasolina
- Pagtama sa higpit ng fan belt para sa radyator
- Hapit na hangin ng gulong
- Estado ng pagbanat (stretching) sa mga crawler
- Maluluwag na turnilyo at tuwerka
- Suriin ang lebel ng langis sa hydraulic oil tank (larawang ipinapakita sa ibaba)



Kapag ang radyator ay mainit, tandaang ang mainit na tubig ay maaaring sumabog kapag inalis ang takip.




## (6) Pag-inspeksiyon pagkatapos na mapaandar ang makina (Bahagi 1)

1. Ang mga pag-inspeksiyon (ang mga pag-inspeksiyon na natutukoy batay sa mga batas at regulasyon) na dapat isagawa pagkatapos paandar ang makina ay ang mga sumusunod.


### • Paggana ng Preno

Tiyaking ang paggalaw ng tapakan ng preno ay hindi sobra-sobra at gumagana ang preno nang mabuti.




### • Paggana ng clutch

Suriin ang pinakapangunahing pedal ng clutch, laro ng lever, puwersa sa paggamit, at paggalaw, at itama ang mga depekto sa pamamagitan ng instruction manual.



Tapakan ang clutch ng 2-3 beses , at tignan ang libreng galaw at mga pagbabalik




## (7) Pag-inspeksiyon pagkatapos na mapaandar ang makina (Bahagi 2)

2. Suriin ang mga sumusunod na bagay bago paandar ang makina.


- **Kondisyon ng makina**

Suriin ang tachometer at mga tunog ng makina.



- **Inspeksiyon ng kagamitan sa trabaho**

Tiyaking ang pang-angat na arm, boom, bucket, atbp. ay maayos na gumagana. Sa kasong ito, tiyaking walang tao sa malapit at na walang balakid bago ang pagpapagana ng kagamitan sa trabaho.



## (8) Inspeksiyon bago matapos ang trabaho

1. Pagkatapos ng pagbaba ng kagamitan sa trabaho sa lupa at pagtapak ng prenong pamparada, patayin ang makina at iparada sa ligtas na lugar.



2. Huwag magpagasolina habang tumatakbo ang makina. At saka, huwag magpagasolina habang naninigarilyo.

